



# Ang Komisyon ng Enerhiya ng California Pagbabago ng Transportasyon

Ang mga account sa transportasyon para sa isang pangunahing bahagi ng budyet ng enerhiya ng California ay may malaking epekto sa kalidad ng hangin. Ito rin ang nag-iisang pinakamalaking pinagmumulan ng emisyon ng greenhouse gas ng estado.

Mula 1975, ang Komisyon ng Enerhiya ng California ay nagtaguyod ng isang ligtas, abot-kaya, maaasahan, at mahusay na kapaligiran, maayos na imprastraktura ng enerhiya ng transportasyon sa pagtitiyak na:

- » Ang suplay, produksyon, pamamahagi, at presyo ng gatong na petrolyo at iba pang blending components ay nakalaan para matugunan ang pangangailangan.
- » Ang mga alternatibong may pag asa, mababa ang carbon, at napanunumbalik na panggatong na pagpipilian ay umiiral, at ang interes ng pribadong sektor ay magagamit upang bumuo at palawakin ang kapasidad ng refinery at imprastraktura para tumanggap ng mas mahusay na imports, pamamahagi, at imbakan ng supply ng gatong.

## Pagsusulong ng mga Alternatibo sa Ibat-ibang Uri

Pinamunuan ng California ang bansa sa pag-akit ng sapalarang puhunan sa pamamagitan ng pakikipagsosyo sa pribadong sektor upang magamit ang mga pondo at makabuo ng mga alternatibong gatong ng transportasyon at mga pinaunlad na teknolohiya sa sasakyan. Ang Komisyon

ng Enerhiya ay nangangasiwa sa Alternative Renewable Fuel at Vehicle Technology Programme (ARFVTP) na nagbibigay ng hanggang \$100 milyon kada taon para sa pagpapaunlad at pag-deploy ng mga umiiral at umuusbong na mga alternatibong panggatong na mababa ang carbon, alternative fueling infrastructure, at mga pinaunlad na teknolohiya ng sasakyan. Ang bawat pinondohan na proyekto ay nagpapabilis sa paglipat ng California sa mas malinis na mapagkukunan ng enerhiya para sa transportasyon.

Sa pamamagitan ng programa, tinutulungan ng Komisyon ng Enerhiya na malikha ang mga gawang lokal na alternatibong gatong na may mababang carbon tulad ng biogas, hydrogen, biodiesel at sa mga napanunumbalik na diesel, at ethanol. Ang Komisyon ng Enerhiya ay nagbibigay din ng mga gawad upang pondohan ang instalasyon ng mga electric charging station, pati na rin ang fueling stations para sa mga sasakyan na gumagamit ng likas na gas, hydrogen, at E-85, pinaghalong ethanol at gasolina. Nakalaan din ang pagpopondo para sa komersyalisasyon ng mga pinaunlad na teknolohiyang pang-sasakyan at suporta sa mga tungkulin tulad ng outreach at marketing, pagsasanay sa trabahador, at pag-aaral sa mga napapanatiling kasanayan sa industriya.

Ang programa ay idinisenyo upang tulungan ang mga negosyo at mga negosyante ng California na bumuo at lumawak ang susunod na henerasyon ng mga alternatibong gatong at mga pinaunlad na teknolohiya sa transportasyon habang ang paggamit ng mga pederal na pondo at pag-akit ng pribadong pamumuhunan. Ang mga proyektong pinondohan sa ilalim ng ARFVTP ay lumikha ng mga bagong trabaho, habang sumusulong sa teknolohiya ng sasakyan at gatong na sumusuporta sa greenhouse gas, ng polusyon sa hangin, at mga layunin sa pagbawas ng paggamit ng petrolyo sa California.

# Pamumuhunan sa mga Alternatibo

Bawat taon ang Komisyon ng Enerhiya ay bumubuo ng isang ARFVTP na plano sa pamumuhunan na nagtatatag ng mga prayoridad at istrateliya sa pagpopondo na sumasalamin sa mga layunin ng programa at nagbibigay ng mga pagkakataon upang makadagdag at makamit ang mga umiiral na pampubliko at pribadong pamumuhunan. Ang Komite ng Advisory ng programa - na binubuo ng mga kinatawan mula sa pribadong industriya, pamahalaan, mga non-profit groups, at publiko - ay nagbibigay ng mahalagang mungkahi sa pagbuo ng taunang plano sa pamumuhunan.

Ang maistratehiyang layunin ng programa para sa paglaan ng pagpopondo ay kinabibilangan ng:

- » Pagsuporta sa pag-deploy ng zero-emission vehicles (ZEVs) sa pamamagitan ng pagpopondo ng imprastraktura ng sasakyang de-kuryente at hydrogen vehicle upang mapaulakan ang 1 milyong ZEV sa 2020.
- » Sinusuportahan ang near- zero-emission na transportasyon sa pamamagitan ng pagtuon sa likas na gas at E85 retail fueling stations, at biodiesel wholesale fueling terminals.
- » Sumusuporta sa paglipat sa medium-duty at heavy-duty fleets ng trak mula diesel tungo sa natural na gas upang mapagtanto ang maagang benepisyo sa pagbabawas ng carbon.
- » Sinusuportahan ang zero-emission na teknolohiyang pang-trak upang tugunan ang pangmatagalang layunin sa carbon at criteria emission.
- » Sumusuporta sa mga feasibility studies, mga pagpapakilala, at komersyal na produksyon ng mga pinaunlad na teknolohiya ng biofuels, at pag-iwas sa paggamit ng mga food crops at prime agricultural soils bilang feedstock production sa pamamagitan ng pagtutuo sa waste-based resources at alternatibong mga feedstock.

Ang mga pamumuhunan sa alternative transportation fuels at mga maunlad na teknolohiya ng mga sasakyan ay isang pangmatagalang pagsasagawa na mahalaga kung ang California ay naghahangad makamit ang mga layunin sa pagbabawas ng greenhouse gas, mapabuti ang kalidad ng hangin sa lokal, at mabawasan ang pagdepende sa petrolyo.

## Pagsubaybay sa Petrolyo ng California

Sa ilalim ng Petroleum Industry Information Reporting Act (PIIRA), ang Komisyon ng Enerhiya ay nangongolekta ng data mula sa mga refiner, producer, at transporters ng produktong petrolyo, pipeline at terminal operators. Ang bawat entidad ay kinakailangan na isumite sa Komisyon ng Enerhiya ang mga lingguhan, buwanang, at taunang ulat ng resibo, mga antas ng imbentaryo, pag-import, pag-export, presyo, at mga mapagkukunan ng transportasyon. Sinusuri at inuunawa ng Komisyon ng Enerhiya ang impormasyong ito upang magbigay sa mga gumagawa ng patakaran at sa publiko na may mga pangunahing pananaw sa supply ng langis, ng mga pagbabago sa pangangailangan at mga potensyal na suliranin.

**Edmund G. Brown Jr.**  
Governor

**Robert B. Weisenmiller**  
Chair

**Robert Oglesby**  
Executive Director

Commissioners  
**Karen Douglas**  
**David Hochschild**  
**Andrew McAllister**  
**Janea A. Scott**



**CALIFORNIA**  
**ENERGY COMMISSION**

[energy.ca.gov](http://energy.ca.gov) | [facebook.com/CAEnergy](https://facebook.com/CAEnergy) | [twitter.com/calenergy](https://twitter.com/calenergy)